REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-339**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA TRAFFIC ENGINEERING CENTER NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS (DPWH) NA MAGLAGAY NG ISANG (1) "TRAFFIC LIGHT" SA PANULUKANG DAAN NG BAUTISTA STREET AT NATIONAL ROAD SA BARANGAY BAYANAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

**Ipinanukala ni : Kgg. Melchor R. Teves**

**SAPAGKAT,** patakaran ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na pangalagaan ang kaligtasan at kabutihan ng mamamayan na kanyang sinasakupan;

**SAPAGKAT,** layunin din ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na magkaroon ng kalutasan ang mga suliranin sa trapiko at daloy ng sasakyan sa mga lansangang nasasakupan nito;

**SAPAGKAT,** marami na ang naging biktima ng mga kagimbal-gimbal na sakuna na hindi lamang mga pangkaraniwang mga mamamayan ang nababawian ng buhay, ngunit maging ang ating mga butihing kaagapay ng pamahalaan na nagsasa-ayos at nagpapatupad ng ating mga batas trapiko;

**SAPAGKAT,** ang paglalagay ng isang (1) **"TRAFFIC LIGHT"** sa gitna ng isang lansangan dinadaluyan ng napakaraming sasakyan ay isang malaking tulong at kaluwagan sa mamamayan, motorista at mga nagpapatupad ng batas trapiko;

**SAPAGKAT,** higit na mapagsisilbihan ang kapakanan ng nakararami sa ating mga maliliit na kababayan sa pamamagitan ng proyektong tulad ng nabanggit sa itaas;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na hilingin, na ngayon ay hinihiling, sa Traffic Engineering Center ng DPWH na maglagay ng isang (1) **"TRAFFIC LIGHT"** sa panulukang daan ng Bautista Street at National Road sa Barangay Bayanan, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika-17 ng Disyembre, 1996 sa ginanap na Natatanging Pulong sa Narra Function Room, Alabang Country Club, Ayala-Alabang, Lungsod ng Muntinlupa.

**SUMANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. REY E. BULAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**<br>Konsehal |
| **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**<br>Konsehal |

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-85
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**LIBAN:**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**Pinatototohanan** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: 1/27/97